Vol.23 Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2022.3

# Ika-11 na 21st Century Sakura Festival

Kinansela dahil sa epekto ng COVID-19.

Ang “21st Sakura Festival” ay kaganapan kung saan ang iba’t ibang grupo, tulad ng neighborhood association / town association, lokal na mga negosyo, store association, atbp. ay nagtutulungan upang palalimin ang ugnayan at pagalakin ang komunidad. Ito ang ika-11 na Sakura Festival na gaganapin sa unang pagkakataon sa loob nitong 3 taon. Nagpaplano kami ng maraming masasayang kaganapan tulad ng mga stage performance, event corner, flea market, snack bar atbp.

Stage Performance




Venue entrance




21st Sakura Festival




## Mga pag-iingat


- Mangyaring sulatan ang visitor card at dalhin ito.
- Mangyaring pumunta na nakasuot ng face mask.
- Mangyaring iwasang pumunta kung masama ang pakiramdam.
- Maaaring may mga paghihigpit sa pagpasok sa loob ng venue sa araw na iyon.
- Walang pampublikong paradahan. Mangyaring pumunta sa pamamagitan ng pagsakay sa pampublikong transportasyon tulad ng Tamachan bus, atbp.

## Kailan

Marso 27, 2022 (Linggo) 10:00 am - 2:00 pm
(pagbubukas ng venue 9:30 am)
*Ang stage performance ay hanggang 3:00 pm

## Saan

Ota City Residents Plaza 3-1-3 Shimomaruko, Ota-ku




Mangyaring iwasang pumunta sa pamamagitan ng kotse o bisikleta

Makipag-ugnay sa

Yaguchi Branch Office Community Activities Promotion Section
☎ 03-3759-4686 FAX 03-3759-1492 E-mail yaguti@city.ota.tokyo.jp

# Pag-refund ng mga medikal na gastos matapos maging diskuwalipikado mula sa National Health Insurance

Kung ikaw ay sumali sa health insurance ng iyong pinagtatrabahuan o kung ikaw ay aalis ng Ota City, siguraduhing ipabigay-alam na aalis mula sa Ota City National Health Insurance ng at isauli ang iyong Ota City insurance card.
Kung ikaw ay sumali sa health insurance ng iyong pinagtatrabahuan o kung ikaw ay aalis ng Ota City, mawawalan ka ng kwalipikasyon para sa Ota City National Health Insurance pagkatapos ng araw ng pagsali sa ibang health insurance o araw ng paglipat mula sa Ota City, kaya hindi mo na maaaring gamitin ang insurance card ng Ota City National Health Insurance. Kung ikaw ay nagpatingin sa medikal na institusyon gamit ang insurance card ng Ota City National Health Insurance sa panahon na ikaw ay wala nang kwalipikasyon, kinakailangan mong isauli ang medikal na gastusin na binayaran ng Ota City (70~80% ng kabuuang gastusin), at i-charge ito sa health insurance, atbp. na iyong papasukan.
Kapag magpapatingin sa medikal na institusyon bago ang pag-isyu ng bagong insurance card, kumonsulta sa health insurance na iyong pinoproseso, at ipagbigay-alam sa tanggapan ng medikal na institusyon na pinoproseso ito.

| Makipag-ugnay sa | National Health Insurance and National Pension Division<br>☎ 03-5744-1211　FAX 03-5744-1516 |
|---|---|




# Sundin natin ang mga patakaran sa pagtatapon ng basura

Mga recyclables at basura na tinatapon araw-araw mula sa bahay. Layunin mo ang paghiwalayin, ngunit sa katotohanan, hindi ka ba nagkamali o kahit papaano ay napaghiwalay mo ito? Ngayon, ay ipapakilala namin ang mga parte kung saan madalas nagkakamali ang mga tao sa paghihiwalay ng basura. Tingnan natin ang paraan ng paghihiwalay at pagtapon ng mga recyclables at basura.

## Una　Malalaking basura

Ang mga gamit na may pahabang sukat na 30cm o mas mahaba pa ay nagiging malalaking basura. Ang mga bagay na binubuwag at nilagay sa plastic bag ay malalaking basura rin.





## Ikalawa　Pagkakaiba ng materyales

Ang paraan ng pagtapon ng basura ay mag-iiba base sa klase ng materyales at porsyento ang binubuo nito. Sundin ang pamamaraan ng pagtapos ng mateyal na may pinakamalaking porsyento.

Halimbawa kahit na parehong hanger…

**Nasusunog na basura**



Mga bagay na gawa sa plastic, malaking porsyento ng kahoy

**Hindi nasusunog na basura**



Mga bagay na malaking porsyento ng metal

## Ika-tatlo　Paraan ng paghihiwalay at pagtapon ng bote

Maraming katanungan tungkol sa item na ito, lalo na sa mga recyclables. Ang pagtatapon ng mga bote ay natutukoy sa antas ng dumi at uri nito. Gayundin, mangyaring itapon ang mga takip sa nasusunog na basura o hindi nasusunog na basura depende sa materyales.

**Dumi galing sa pagkain at inumin**

Mga bote ng juice, atbp.
Recyclables

- Hugasan at linisin ng tubig



**Mantsa ng langis**

Mga bote ng kosmetiks o bote ng langis na ginagamit sa pagkain
Hindi nasusunog na basura

- Hindi magiging recyclable kahit hugasan




Sa inyong pagbibigay ng maliit na pansin sa pagtatapon ng recyclables at basura ay nakakatulong sa paglinis ng bayan at pagbawas ng basura. Manyaring sumangguni sa pamphlet para sa paraan ng paghihiwalay at pagtapon ng mga bagay na hindi nakasaad sa itaas. Bilang karagdagan, naghanda ang Ota City ng "Bersyon sa wikang Banyaga ng pamphlet ng paano paghiwalayin at itapon ang mga recyclables at basura" at "Ota City Garbage Separation App" (sa 6 na wika: Ingles, Intsik, Koreano, Tagalog, Nepali, at Vietnamese).

| Makipag-ugnay sa | Environmental Sanitation Department<br>Sanitation Division<br>☎ 03-5744-1628　FAX 03-5744-1550 |
|---|---|

# Tungkol sa pagpaparehistro ng alagang aso at pagbabakuna sa rabies

**1** Ayon sa Rabies Prevention Act ng Japan, ang mga may-ari ng aso ay nangangailang sundin ang mga Sumusunod.

(1) Ang mga aso na may edad na 91 araw o pataas mula nang ipanganak ay kailangan i-apply ng rehistrasyon sa mayor at kailangan makatanggap ng lisensya para sa mga aso sa loob ng 30 araw mula nang pagmamay-ari ng aso.

(2) Ang mga domestikadong aso ay kailangang bigyan ng bakuna para sa rabies isang beses sa isang taon. Bilang karagdagan, kailangan ipasa sa mayor ang sertipiko ng pagbabakuna na inisyu ng beterinaryo, at kailangan kunin ang kasulatan ng pagpabakuna ng aso.

(3) Ang lisensya para sa mga aso at kasulatan ng pagbabakuna ay kailangang laging nakasuot sa aso.

Lisensya para sa mga aso




Registration fee 3,000 yen

Taong 2022 Kasulatan ng pagbabakuna



Delivery fee 550 yen

**2** Isasagawa ang [2022 Rabies Prevention Periodical Group Injection] Ang mga detalye ay ang mga sumusunod.

**Kailan** 10 araw mula Abril 9 (Sabado) hanggang Abril 18 (Lunes), 2022

**Saan** Mga animal hospital na itinalaga ng Ota City

**Magkano** 3,750 yen Breakdown ng bayarin: Singil para sa bakuna sa rabies - 3,200 yen, Singil sa pag-isyu ng kasulatan ng pagbabakuna - 550 yen

**Sino** Lahat ng may-ari ng aso

**Mag-apply sa** Bawat animal hospital

**Paano mag-apply** Depende ito sa bawat animal hospital. Mangyaring kumpirmahin sa animal hospital na iyong planong gamitin kung kailangan mag-apply para sa appointment.

## Pakiusap sa lahat ng may-ari ng aso

- Siguraduhin na nakasuot sa inyong aso ang lisensya para sa mga aso at kasulatan ng tapos na makakuha ng pagbabakuna.
- Siguraduhin ang pagiging responsable sa paglilinis ng dumi.
- Pagpapadumi ng aso bago mamasyal.
- Kapag lalabas, tiyaking nakatali ng lubid, atbp. ang iyong aso.
- Kapag papasok sa parke, tiyaking nakatali ng lubid, atbp. ang iyong aso.
- Mangyaring huwag dalhin ang iyong aso sa parke para sa mga bata at playground para sa mga bata.
- Kung nakakagat ng tao ang iyong aso, kinakailangan magbigay-alam sa health center.
- Maghanda para sa sakuna at maghanda ng mga supplies para sa iyong aso para sa sakuna.

**Makipag-ugnay sa**
Sanitation and Public Health Division
☎ 03-5764-0670 FAX 03-5764-0711

# Sa Bisperas ng Pagbagsak: Si Kaishu na ipapahayag ng mga boluntaryo

Sa exhibit na ito, ipapakita namin ang sitwasyon kung saan naging aktibo si Kaishu sa kanyang koneksyon sa mga taong lumampas sa hangganan sa pagitan ng Edo Shogunate at iba't ibang domain, mula sa mga materyales mula noong bandang taong 1864.



Katsura Kogoro (Kido Takayoshi), Saigo Takamori, Okubo Toshimichi
*Larawan ni Saigo Takamori: Mula sa National Diet Library "Portrait ng Mordernong Hapon"

**Kailan**

Marso 18 (Biyernes) – Hunyo 26 (Linggo), 2022
■ Oras na bukas ang Museum 10:00 am ~ 6:00 pm
*Lunes (susunod na araw kapag ito ay pista opisyal)
*Sarado ang museo sa Marso 14 (Lunes) – 17 (Huwebes) dahil sa pagpapalit ng exhibit.
*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

**Magkano**

■ Bayad sa pagpasok Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang discounts)

**Saan (Makipag-ugnay sa)**
Katsu Kaishu Memorial Museum
2-3-1, Minami-Senzoku, Ota-ku
☎ 03-6425-7608 FAX 03-6425-7610

# 2022 Naghahanap ng ambassador (Cool OTA-KU ambassador) para sa global na Ota City.



Ang Ota City ay naghahanap ng "Cool OTA-Ku Ambassador" (palayaw) na magpapalaganap ng halina at impormasyon ng Ota City.

- Kwalipikasyon sa aplikasyon: Dayuhang nasyonal na higit sa 18 taong gulang na may koneksyon sa Ota City, tulad ng ninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota City
- Papel na gagampanan ng ambassador:
  (1) Gamit ang SNS, personal na koneksyon, atbp., ipapalaganap ang halina ng Ota City.
  (2) Lalahok sa mga kaganapan na gaganapin sa Ota City, atbp.
  (Isinagawa noon 2021 ang mga maliliit na kaganapan, exchange meeting, atbp.)
- Termino ng panunungkulan: Hulyo 2022 – Marso 2024 (Balak)
- Deadline: Dapat dumating hanggang Abril 11, 2022 (Lunes) ng 5:00 pm
- Paraan ng pag-apply: Personal na pagdala ng application form, pagpapadala gamit ang koreo, pag-FAX o pag-email

Makipag-ugnayan para sa mga detalye. Sa pamamagitan ng mga aktibidad, magkakaroon ng pagkakataon malaman ang higit pa tungkol sa Ota City, at maraming makikilala. Nais mo rin bang maging aktibo sa Ota City? Inaasahan naming ang iyong aplikasyon.

**Tauhan sa pag-recruit** Mga ilang tao

**Paano mag-apply** Isumite ang itinalagang application form at report sa pamamagitan ng koreo, e-mail, o dalhin ito sa sumusunod na destinasyon ng aplikasyon.

| Mag-apply sa (Makipag-ugnay sa) | Internationalization and Multiculturalism Promotion Division<br>5-13-14, Kamata, Ota-ku 6th floor<br>☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323 E-mail boshu-kokusai@city.ota.tokyo.jp |
| --- | --- |

# Ililipat ang Multilingual Consultation Desk sa Abril 2022!

Magbabago ang lokasyon ng tanggapan mula Abril 11, 2022 (Lunes). Ito ay sa 2nd floor ng Ota International Exchange Center.
*Matatagpuan ito sa Asuto Shopping District sa West exit ng Keikyu Kamata Station
Bagong address: 4-16-8-201. Kamata, Ota-ku
Numero ng telepono mula Abril 11: 03-6424-4924
FAX mula Abril 11: 03-6424-4926




| Makipag-ugnay sa | Global City Ota Cooperation Association<br>tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika<br>1F Consumer Center 5 Chome 13-26 Kamata, Ota-ku<br>☎ 03-6424-8822 FAX 03-5710-6330<br>Email info@ota-goca.or.jp |
| --- | --- |

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-13-14 Kamata, Ota-ku ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.